

Tinulungang Pagparehistro – Mahalagang Impormasyon

Makakatulong sa inyo ang isang samahan ng tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan para magparehistro sa My Health Record at dapat sundin ang ilang mga ipinag-uutos sa paggawa nito. Ang tawag dito ay tinulungang pagparehistro. Ang taong tumutulong sa inyo ay hindi isang ahente, o hindi nagtatrabaho para sa tagapagpatakbo ng sistema ng My Health Record [ang Sekretaryo ng Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan)].

Bago ninyo kumpletuhin ang tinulungang pagparehistro na form ng aplikasyon, mangyaring basahin sa ibaba ang impormasyon para malaman kung paano ninyo pangangasiwaan ang inyong My Health Record at ang **Privacy Collection Notice (Paunawa sa Pagkolekta na may Pagkapribado)** para malaman ninyo kung paano kami (ang tagapagpatakbo ng sistema ng My Health Record) namamahala ng inyong personal na impormasyon na nakolekta namin sa proseso ng tinulungang pagparehistro.

Pangangasiwa ng inyong My Health Record

Kapag nakumpleto ninyo ang proseso ng tinulungang pagparehistro at kayo ay nakarehistro na sa My Health Record, makapagpapasiya kayo kung sino ang makaka-‘access’(makakakita at makakagamit) sa inyong personal na impormasyon.

Sa ilang bihirang mga kaso, baka mayroong impormasyon tungkol sa inyong kalusugan na ayaw ninyong may makakita sa inyong My Health Record. Kung magkagayon nga, maaari ninyong:

- hilingin sa tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan na huwag itong idagdag sa inyong rekord, at dapat silang sumunod sa kahilingang ito; o kaya
- tanggalin sa inyong rekord ang tinutukoy na impormasyon sa kalusugan.

Kung inyong nilimitahan ang pag-access sa inyong My Health Record o dokumentong naroroon, ang patakaran sa ‘emergency access’ ay pinapayagan ang rehistradong mga samahan ng tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan na maka-‘access’ sa limitadong panahon kung nasa isang ‘medical emergency’ (pangmadaliang paggagamot).

Makokontrol din ninyo kung inyong gugustuhin, kung sino ang may ‘access’(makakapasok) sa inyong My Health Record sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga kontrol sa pag-‘access’.

Makapagtatag kayo ng mga kontrol sa pag-‘access’ ng inyong My Health Record sa pamamagitan ng:

- pagbabawal ng ‘access’ sa buong My Health Record ninyo; o
- pagbabawal ng ‘access’ sa tinutukoy na dokumento na nasa My Health Record.

Kung **wala kayong itinatag na mga kontrol sa pag-access**, ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan na gumamot sa inyo at nakarehistro din sila sa sistema ng My Health Record ay maaaring tingnan ang mga dokumento na naikarga na ng iba pang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ninyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pangangasiwaan ang My Health Record, mangyaring bisitahin ang [website ng My Health Record](#).

Paunawa sa Pagkolekta na may Pagkapribado

1. kung ang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ay tumutulong para sa pagrehistro ninyo at nang inyong mga dependants (nakadependeng tao) (kung babagay) para sa My Health Record, kokolektahin namin, gagamitin at ibubunyag ang personal na impormasyon tungkol sa inyo at inyong dependants (kung babagay), sa sumusunod na mga pakay:
 - a. upang matiyak na wasto ang aming pagtukoy sa inyo at inyong mga dependant;
 - b. upang ma-tsek kung mayroon nang My Health Record ang bawa’t isa sa inyo;
 - c. upang magbuo ng My Health Record ng bawa’t isa sa inyo;
 - d. upang i-ugnay ang inyong My Health Record sa myGov account; at
 - e. upang isama ang impormasyong nasa Medicare sa inyong Record kung nais ninyong ipasama ang impormasyon sa inyong Record o kung nakatira kayo sa isang lugar na ginagamit sa pagsubok (kasalukuyan ay Northern Queensland at Nepean/Blue Mountains), at kung hindi ninyo sinabi sa amin na huwag isama. Kung pinanghahawakan ng Medicare, maaaring kabilang dito ang ‘claims’ (mga paghabol) sa Medical Benefits Schedule (MBS), Pharmaceutical Benefits Scheme (PBS), Australian Organ Donor Register at impormasyon sa pagbabakuna.
2. Mangongolekta kami ng personal na impormasyon tungkol sa inyo, at inyong dependants (kung babagay), kabilang ang pangalan, tirahan, petsa ng kapanganakan, kasarian, at numero sa Medicare, numero ng file sa Department of Veterans Affairs (DVA) (kung babagay) o kung alam ninyo ito, ang inyong Individual Healthcare Identifier (IHI) (Pantukoy sa Pangkalusugang Pangangalaga ng Indibidwal).
3. Kinokolekta namin ang impormasyong ito mula sa inyo (na inyong isinulat sa porma ng aplikasyon), mula sa tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan na tumutulong sa inyo sa pagparehistro, Medicare, DVA (kung babagay) at mula sa Healthcare Identifiers Service (pinagagana ng Chief Executive Medicare). Kung wala ang impormasyon, hindi namin mabubuo ang isang My Health Record para sa inyo.

4. Bilang bahagi ng pagpapatunay at paggawa ng isang My Health Record para sa inyo at ng inyong dependant (kung babagay), ibinubunyag namin ang personal na impormasyon sa Medicare, DVA (kung babagay) at sa Healthcare Identifiers Service.
5. Kung ang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ay tumutulong sa inyo sa pagpaparehistro ng inyong anak, kokolektahin din namin mula sa inyo, o sa tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan na tumutulong sa inyo sa pagpaparehistro, ang numero ng inyong Medicare card kabilang ang inyong dependant at ibubunyag iyang numero sa Medicare para makumpirma ang inyong relasyon sa inyong dependant. Kokolektahin din namin mula sa inyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ang deklarasyon na sumusuporta sa inyong pahayag na mayroon kayong pangmagulang na responsibilidad sa sinasabing bata.
6. Mangongolekta ring kami ng impormasyon tungkol sa kasaysayan ng inyong 'claims' (mga paghahabol) mula sa Medicare, o DVA (kung babagay). Ginagamit namin itong impormasyon para magtanong ng mga katanungan sa pagpapatunay ng inyong 'identity' (pagkakakilanlan). Sa oras na mapatunayan ang inyong 'identity', magagawa naming i-ugnay ang inyong My Health Record sa myGov account. Kung wala ang impormasyon tungkol sa inyong 'claims' (mga paghahabol), hindi namin magagawang i-ugnay kayo sa myGov account at hindi ninyo maa- 'access' ang inyong bagong My Health Record sa kompyuter (online). Ang impormasyon tungkol sa inyong 'claims' na kinolekta namin para mapatunayan ang inyong 'identity' ay hindi itatago matapos naming mai-ugnay ang myGov account sa inyong My Health Record, at hindi kami magbubunyag nitong impormasyon kahit kaninuman. Kung pumayag kayo, o nakatira sa lugar na hindi sumali sa lugar ng pagsubok at hindi nagsabi sa amin na hindi pumayag, isasama namin ang hanggang sa dalawang taon na nakalipas na impormasyon sa Medicare doon sa inyong bagong My Health Record. Ipapasama rin namin ang bagong impormasyon sa Medicare sa inyong My Health Record sa tuwing mayroon nang makukuha sa Medicare. Makokontrol din ninyo kung gugustuhin, kung sino ang may 'access' sa impormasyong ito sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga kontrol sa pag- 'access'. Kung wala kayong itinatag na mga kontrol sa pag-access, sinumang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan na gumamot sa inyo at nakarehistro din sila sa sistema ng My Health Record ay makakatingin sa inyong impormasyon sa Medicare. Maaari kayong magbago ng isip sa anumang oras at patigilin o paumpisahan, ang daloy ng impormasyon sa Medicare papunta sa inyong My Health Record. Kung ang impormasyon sa Medicare ay hindi nakasama sa inyong My Health Record, ang impormasyon ay hindi malalaman ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan na gumagamot sa inyo. Kung nagrerehistro kayo ng inyong mga dependant para sa My Health Record, mangyaring tandaan na alinsunod sa kasalukuyang patakaran ng Chief Executive Medicare (Punong Ehekutibo ng Medicare), hindi kayo makapagtatag ng 'preferences' (mga kagustuhan) para sa mga dependant na nasa edad 14-17 taong gulang.
7. Kung pipiliin ninyong sumagot, kokolektahin namin maging kayo man ay Katutubo at/o Taga-Torres Strait ang pinagmulan. Itong impormasyon ay ibubunyag nang walang pagkakakilanlan sa Department of Health (Health) para makatulong sa pagpapalano at pagdudulot ng nababagay at higit na pinahusay na mga pangangalagang pangkalusugan at serbisyo. Kung hindi ninyo sasagutin, makikita sa inyong My Health Record ang "not stated" (hindi inihayag). Kung wala itong impormasyon, hindi namin maibubunyag sa Health para makatulong na ipaalam sa patakaran.

8. Sa oras na magawa ang inyong My Health Record, maaaring magkarga sa inyong My Health Record ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ng impormasyon sa kalusugan at nauugnay na personal na impormasyon tungkol sa inyo. Kokolektahin namin, gagamitin at ibubunyag itong impormasyon bilang bahagi ng pagpapagana ng sistema ng My Health Record. Kung ayaw ninyong ang partikular na dokumento ay ikarga-papasok (uploaded) sabihin sa inyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan, – dapat silang sumunod sa inyong kagustuhan. Makontrol ninyo kung sino ang may-‘access’ sa inyong My Health Record sa pamamagitan ng itinatag na mga kontrol sa pag-access, kung inyong gugustuhin. Kung wala kayong itinatag na mga kontrol sa pag-access, sinumang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan na gumamot sa inyo at nakarehistro din sila sa sistema ng My Health Record ay makakatingin sa mga dokumentong ikinarga-papasok ng inyong iba pang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan.
9. Ang pagkolekta, paggamit at pagbubunyag ng personal na impormasyon ninyo at ng inyong mga dependant para makabuo ng isang My Health Record ay awtorisado sa ilalim ng *My Health Records Act 2012*, *Healthcare Identifiers Act 2010* at *Privacy Act 1988*.
10. Hindi kami magbubunyag sa ibayong dagat ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan o iba pang personal na impormasyon tungkol sa inyo at inyong mga ‘dependant’ (ngunit ikaw o ang inyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ay ligtas na makaka-‘access’ ng inyong My Health Record habang nasa ibayong dagat, kung kinakailangan).

Karagdagang Impormasyon

11. Para sa karagdagang impormasyon o para malaman kung paano ninyo maa-‘access’ at itatama ang personal na impormasyon, pagrereklamo tungkol sa pagkasuway sa pagkapribado o para sa karagdagang detalye kung paano namin pinangangasiwaan ang inyong pangkalusugan at iba pang pampersonal na impormasyon, pakitingnan ang aming pahina sa [privacy policy](#) (patakaran ng pagkapribado).
12. Matatawagan kami sa 1800 723 471 (piliin ang opsyon 1), pagbisita sa pinakamalapit na opisina ng sentro ng serbisyo ng Medicare o sa pagsulat sa [Privacy Officer, My Health Record system, GPO Box 9942 (sa Inyong Kabisera)]